



## Patakarang sa Pinansyal na Tulong para sa Pasyente ng HFHS

### Patakarang

Ang Patakarang sa Pinansyal na Tulong para sa Pasyente ng HFHS ("patakarang") ay idinisenyo para tugunan ang kwalipikasyon sa pinansyal na tulong para sa mga pasyente na kailangan ng pinansyal na tulong at nakakatanggap ng pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Henry Ford Health System ("HFHS"), at nalalapat ito sa bawat isa sa mga Pasilidad ng HFHS na nakalista sa Appendix A at sa kanilang mga kaakibat na klinika ("Mga Pasilidad ng HFHS"). Ipapakita ng lahat ng pinansyal na tulong ang pagtuon ng HFHS sa pagtrato sa bawat pasyente nang may dignidad, respeto at malasakit.

Ang listahan ng Mga Provider ng Serbisyo ng HFHS na nagbibigay ng pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa Mga Pasilidad ng HFHS, kung alin ang sakop ng patakarang ito at alin ang hindi sakop, ay makikita nang hiwalay sa website ng HFHS ([henryford.com](http://henryford.com)). Ang listahan ng Provider ng Serbisyo ng HFHS ay makukuha nang libre, online at nasa papel, mula sa website ng HFHS o sa pamamagitan ng pagtawag sa isa sa Mga Pasilidad ng HFHS na nakalista sa Appendix A.

### Mga Kahulugan:

- **Mga Karaniwang Halagang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB):** ay ang halagang karaniwang sinisingil para sa pang-emergency o ibang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga.
- **Pang-emergency na Pangangalaga:** ay ang paggamot sa medikal na kondisyong hayagang makikita sa pamamagitan ng mga matinding sintomas na may sapat na kalubhaan (kabilang ang malubhang pananakit), kung saan maaaring mangyari ang mga sumusunod kapag walang agad na medikal na atensyon:
  - Pagkakalagay sa kalusugan ng indibidwal (o pagdating sa buntis na babae, ang kalusugan ng babae at ang kanyang hindi pa ipinapanganak na sanggol) sa seryosong panganib,
  - Seryosong kapansanan sa paggalaw ng katawan, o
  - Seryosong pagkasira ng anumang organo o bahagi ng katawan, o
  - Pagdating sa buntis na babae na nagkakaroon ng paghihilab ng tiyan (contractions) – (a) na hindi sapat ang oras para ilipat nang ligtas sa ibang ospital bago manganak o (b) na maaaring maging mapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng babae o hindi pa pinapanganak na sanggol ang paglipat.
- **Ang Guarantor:** ay ang taong responsable para sa bill ng pasyente maliban sa pasyente.
- **Kasama sa Kita ng Sambahayan:** ang mga kita bago ibawas ang mga buwis, bayad sa pagkawala ng trabaho, bayad-pinsala sa mga manggagawa, Panlipunang Seguridad (Social Security), Suplementong Pangseguridad na Kita (Supplemental Security Income), tulong sa publiko, mga bayad sa beterano, benepisyo ng namatayan, pensyon o kita sa pagreretiro, interes, dibidendo, upa, royalty, kita mula sa ari-arian (estate), trust, tulong pang-edukasyon, sustento, suporta sa anak, tulong mula sa labas ng sambahayan at iba pang mga pinagmumulan. HINDI kasama rito ang mga benepisyong hindi cash gaya ng mga food stamp at subsidy para sa pabahay o mga kita at lugi ng kapital. Kung namumuhay ang isang tao kasama ng kanyang pamilya, dapat isama ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya ng sambahayan (kasama ang mga kinakasama o domestic partner) maliban kung ang mga miyembro ng pamilya ay nagbabayad ng upa at/o hindi mga dependent ng may-ari ng bahay. Hindi dapat isama ang mga hindi kamag-anak gaya ng mga housemate. Dapat tukuyin ang katayuan ng pagiging dependent batay sa bawat kaso.
- **Komite sa Pinansyal na Tulong ng Henry Ford:** Binubuo ng tatlong miyembro ng mga pinuno na itinatagda ng Bise Presidente ng Cycle ng Kita.

- **Provider ng Serbisyo ng HFHS:** isang practitioner ng medikal na pangangalaga na mayroong mga klinikal na pribilehiyong kailangan para magsagawa ng mga serbisyo sa isang Pasilidad ng HFHS.
- **Mga Serbisyon Medikal na Kinakailangan:** ay wasto at kinakailangan para sa diyagnosis o paggamot ng iyong medikal na kondisyon, ay ibinibigay para sa diyagnosis, direktang pangangalaga, at paggamot ng iyong medikal na kondisyon, natutugunan ang mga pamantayan ng mabuting medikal na pagsasanay sa iyong lokal na lugar, at hindi pangunahing para sa kaginhawaan mo o ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan

**Pamantayan para Maging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong:**

Ang kwalipikasyon para sa pinansyal na tulong ng HFHS sa ilalim ng patakarang ito ay pagpapasiyahan para sa bawat kaso sa ilalim ng isa sa mga sumusunod na paraan, at kung natutugunan ang pamantayan sa ari-arian, kung naaangkop, ayon sa inilalarawan sa ibaba. Ang mga pasyenteng hindi natutugunan ang pamantayan para sa kwalipikasyon sa ilalim ng patakarang ito ay maaaring kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng ibang mga programa sa pinansyal na tulong na inaalok ng HFHS, kabilang ang ibang mga programang nakabase sa komunidad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga programang ito, pumunta sa [henryford.com](http://henryford.com).

Ang pinansyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito ay nilalayong gamitin bilang huling dulugan na tagabayad. Bago isaalang-alang ang diskwento bilang pinansyal na tulong, maaaring iatas ng HFHS sa pasyente na mag-apply para sa Medicaid o ibang programa sa tulong ng gobyerno.

Inirereserba ng HFHS ang karapatang bawiin ang anumang pag-apruba para sa pinansyal na tulong kung malaman na ang impormasyong ibinigay mo sa proseso ng aplikasyon ay hindi tumpak o kumpleto. Kung mangyari man ito, aabisuhan ang pasyente at/o Guarantor at siya/sila ang magiging responsable para sa pagbabayad.

**Paraan Para Maging Kwalipikado (1) - Tradisyonal:**

- Permanenteng paninirahan sa Estados Unidos
- Pagkakaroon ng personal na tirahan sa loob ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng HFHS, na kinabibilangan ng mga County ng Wayne, Macomb at Oakland at Jackson. Para sa mga pasyenteng gustong magpagamot sa isang Pasilidad ng HFHS na wala sa mga county na nakalista sa itaas, maaaring maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong ang pasyente kung ang kaniyang permanenteng tirahan ay nasa loob ng limang milya mula sa Pasilidad ng HFHS.
- Kagustuhang magpagamot sa isang Provider ng Serbisyo ng HFHS sa isang Pasilidad ng HFHS
- Ang taunang pinagsama-samang Kita ng Sambahayan ay hanggang sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Line o "FPL"). Maaaring maging kwalipikado sa 100% diskwento ang pasyenteng may taunang kita na nasa o mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Maaaring maging kwalipikado sa bahagyang diskwento ang pasyenteng may taunang kita na 251% hanggang 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Tingnan ang Mga Talahanayan ng Nagagalaw na Antas (Sliding Scale Tables) sa ibaba para sa iba't ibang diskwento para sa mga may insurance at walang insurance na pasyente.

**Paraan Para Maging Kwalipikado (2) - Katastropiko:**

- Mga pasyenteng nakaipon ng malaking medikal na utang sa Pasilidad ng HFHS, sa loob ng 12 buwan, bilang resulta ng katastropikong medikal na sitwasyon, na nagresulta sa sariling gastos na lampas sa 30% ng kanilang kabuuang taunang Kita ng Sambahayan
- Permanenteng paninirahan sa Estados Unidos

- Pagkakaroon ng personal na tirahan sa loob ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng HFHS, na kinabibilangan ng mga county ng Wayne, Macomb at Oakland at Jackson. Para sa mga pasyenteng gustong magpagamot sa isang Pasilidad ng HFHS na wala sa mga county na nakalista sa itaas, maaaring maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong ang pasyente kung ang kaniyang permanenteng tirahan ay nasa loob ng limang milya mula sa Pasilidad ng HFHS.
- Kagustuhang magpagamot sa isang Provider ng Serbisyo ng HFHS sa isang Pasilidad ng HFHS.

Ang mga pasyenteng nakakatugon sa kwalipikasyon sa itaas para sa pinansyal na tulong ay magiging kwalipikado sa sumusunod na diskwento:

- I-adjust ang natitirang medikal na utang ng mga pasyente sa 30% ng kanilang Kita ng Sambahayan.
- Ang mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng parehong Paraan 1 at Paraan 2 ay matatanggap ang alinmang mas malaki sa dalawang diskwento.

### **Paraan Para Maging Kwalipikado (3) - Ipinagpapalagay (Presumptive):**

- Maaaring magpasya ang HFHS ng kwalipikasyon para sa pinansyal na tulong gamit ang ipinagpapalagay na batayan; gamit ang pagmamarka ng ikatlong partido, mga referral mula sa mga programang nakabase sa komunidad, at mga pag-apruba ng mga programa ng gobyerno batay sa kita.
- Ang mga pasyenteng natutugunan ang ipinagpapalagay na kwalipikasyon para sa pinansyal na tulong ay maaaring maging kwalipikado para sa bahagyang diskwento, o buong diskwento na 100% sa Pang-emergency at ibang Medikal na Kinakailangang Pangangalaga. Maaaring maging kwalipikado sa 100% diskwento ang pasyenteng may taunang kita na nasa o mas mababa sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Maaaring maging kwalipikado sa bahagyang diskwento ang pasyenteng may taunang kita na 251% hanggang 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan. Tingnan ang Mga Talahanayan ng Nagagalaw na Diskwento sa ibaba para sa iba't ibang diskwento para sa mga may insurance at walang insurance na pasyente.

### **Mga Balanse ng Pasyente na Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong**

Kabilang sa mga balanse ng pasyente na kwalipikado para sa diskwento na pinansyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang:

- Mga halaga ng coinsurance, deductible at copayment
- Mga singil para sa mga pasyenteng may saklaw mula sa planong pangkalusugan na walang kontraktwal na kaugnayan sa HFHS o kapag hindi nakikilahok ang provider ng HFHS sa network ng planong pangkalusugan
- Mga singil para sa mga pasyenteng may insurance na nagamit na ang lahat ng kanilang mga benepisyo,
- Mga singil para sa mga hindi saklaw na serbisyon ibinibigay sa mga pasyenteng saklaw sa ilalim ng mga programang Komersiyal, Medicare, o Medicaid
- Mga singil sa mga pasyenteng nalagpasan na ang tagal ng pananatiling saklaw sa ilalim ng mga programang Komersiyal, Medicare, o Medicaid

Ang Pinansyal na Tulong sa ilalim ng patakarang ito ay dagdag pa sa diskwento sa mga walang insurance na nakasaad sa aming Patakarang sa Diskwento para sa Walang Insurance (Uninsured Discount Policy) na maaaring hilingin sa pamamagitan ng pagtawag sa Team ng Pinansyal na Tulong sa (313) 874-7800.

### **Mga Talahanayan ng Nagagalaw na Diskwento:**

#### ***Mga Pasyenteng Walang Insurance:***

Para sa mga kwalipikadong walang insurance na pasyente na may kita na mas mababa sa 400% ng FPL, naka-adjust ang responsibilidad ng pasyente sa porsiyento ng pinapahintulatang halaga ng Medicare batay sa talahanayan sa ibaba.

Kita ng Sambahayan	% ng Rate ng Medicare
350%-400% ng FPL	91%
300%-350% ng FPL	61%
250%-300% ng FPL	30%
< 250% ng FPL	0%

Ang mga kwalipikadong walang insurance na pasyente na may kita na mas mababa sa 250% ay binibigyan ng 100% diskwento.

#### ***Mga Pasyenteng May Insurance:***

Para sa mga kwalipikadong may insurance na pasyente na may kita na mas mababa sa 400% ng FPL, nakadiskwento ang responsibilidad ng pasyente batay sa talahanayan sa ibaba.

Kita ng Sambahayan	Diskwentong ibinabawas mula sa Balanseng Dapat Bayaran
350%-400% ng FPL	25%
300%-350% ng FPL	50%
250%-300% ng FPL	75%
< 250% ng FPL	100%

### **Pamantayan sa Ari-arian:**

Para malaman ang kwalipikasyon ng pasyente para sa pinansyal na tulong, gumagamit ang HFHS ng nagagalaw na antas ng diskwento na isinasaalang-alang ang Kita ng Sambahayan at mga kwalipikadong ari-arian ng pasyente.

Hindi kwalipikado ang pasyente para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito kung ang mga kwalipikadong ari-arian ng sambahayan ng pasyente ay may halaga na \$100,000 o higit pa, gaano man kalaki ang kita ng pasyente. Ang mga ari-ariang hindi nakalista bilang protektadong ari-arian ay ituturing na available para sa pagbabayad ng medikal na gastos. Maaaring bilangin ng HFHS ang mga sobrang available na asset bilang kita sa kasalukuyang taon pagdating sa pagtukoy ng antas ng diskwentong iniaalok sa pasyente.

#### ***Mga Protektadong Ari-arian:***

- 100% ng unang \$1,000,000 ng equity sa isang pangunahing personal na tirahan; at 50% ng equity sa pangunahing tirahan pagkatapos noon
- IRA, 401k, plano sa pagretiro/pensyon na may cash value
- Mga makatuwirang ari-ariang ginagamit sa negosyo
- Personal na pag-aari
- Mga plano ng pag-iipon para sa kolehiyo

### **Mga Pasyenteng Hindi Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong:**

Ang mga pasyenteng walang insurance na hindi natutugunan ang pamantayan para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng patakarang ito o sa ibang mga available na programa sa pinansyal na tulong na inaalok ng HFHS, ay sisingilin para sa serbisyo batay sa rate ng diskwento para sa mga walang insurance. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang patakaran sa rate ng diskwento para sa mga walang insurance sa <https://www.henryford.com/visitors/billing>.

Maaaring iapela ng pasyente ang pagtanggap sa kanyang aplikasyon para sa pinansyal na tulong sa pamamagitan ng pagsulat sa Komite sa Pinansyal na Tulong ng Henry Ford sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap, sa Pasilidad ng HFHS kung saan natanggap ang pangangalaga. Napapailalim ang kwalipikasyon para sa pinansyal na tulong sa pag-apruba ng Pamamahala sa Cycle ng Kita ng HFHS kasama ang input mula sa mga team ng pangangalaga sa klinika.

Maaaring may mga pagbubukod ayon sa kinakailangan para sa mga espesyal na sitwasyon. Isasaalang-alang ang mga pagbubukod batay sa bawat kaso. Ang anumang gagawing pagbubukod ay hindi nangangahulugan ng pagbabago sa patakaran at hindi rin nito ginagarantiyahan na ilalapat sa hinaharap ang parehong pasiyang ito. Maaaring makipag-ugnayan ang mga pasyente sa amin sa **(313) 874-7800** o sa pamamagitan ng e-mail sa **financialassistanceapp@hfhs.org** kung may mga karagdagang tanong sila tungkol sa kanilang aplikasyon para sa pinansyal na tulong.

### **Mga Limitasyon sa Mga Singil para sa Mga Pasyenteng Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong**

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong ay hindi sisingilin ng higit sa AGB para sa pang-emergency at ibang medikal na kinakailangang pangangalaga at hindi higit sa mga kabuuang singil para sa lahat ng ibang medikal na pangangalaga. Gumagamit ang bawat Pasilidad ng HFHS ng look-back method para sa pagkalkula ng isa o higit pang porsyento ng AGB. Ang Porsyento ng AGB ay nakukuha sa pamamagitan ng paghati ng kabuuan ng lahat ng Medicare fee-for-service (bayad bawat serbisyo) at mga pribadong insurer ng kalusugan na nagbayad ng mga claim sa Pasilidad ng HFHS sa loob ng 12 buwan, sa kabuuan ng mga kaugnay na kabuuang singil para sa mga claim na iyon.

### **Pag-apply para sa Pinansyal na Tulong:**

Ang mga pasyente at/o Guarantor ay maaaring mag-apply para sa pinansyal na tulong anumang oras hanggang 240 araw pagkatapos ibigay ng HFHS sa pasyente at/o Guarantor ang unang pagsingil. Bilang tugon, ipoproseso ng HFHS ang aplikasyon at tutukuyin ang kwalipikasyon sa loob ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos na matanggap ang kumpletong aplikasyon. Aabisuhan ang indibidwal sa pamamagitan ng sulat tungkol sa pagtukoy at batayan ng pagtukoy.

Para maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong, dapat magkumpleto ang pasyente / Guarantor ng aplikasyon sa Pinansyal na Tulong sa Pasyente. Available ang aplikasyon sa website ng Pinansyal na Tulong ng HFHS: <https://www.henryford.com/visitors/billing/financial-assistance>. Pwedeng ipadala bilang sulat o i-fax ng pasyente ang kumpletong aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento sa Pasilidad ng HFHS kung saan gustong magpagamot, para sa pagpapasiya kung aaprubahan ito. Para sa mga address at fax number ng mga Pasilidad ng HFHS, mangyaring sumangguni sa Appendix A.

Kung hindi ma-download ng pasyente ang aplikasyon sa pamamagitan ng website ng HFHS, mangyaring sumangguni sa Appendix A para humiling na magpadala ng papel na kopya sa tirahan ng pasyente. Para suriin ang aplikasyon sa iba't ibang wika, mangyaring bisitahin ang sumusunod na link: <https://www.henryford.com/visitors/billing/financial-assistance/documents>.

Kung may tanong ang pasyente tungkol sa kanyang aplikasyon at/o kailangan niya ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, mangyaring tingnan ang Appendix A para makipag-ugnayan sa Pasilidad ng HFHS kung saan nakakatanggap ng pangangalaga ang pasyente.

Maaaring kabilang sa mga kinakailangang dokumento ang:

- Ulat ng Pederal na Buwis sa Kita (Federal Income Tax Return) para sa pinakabagong taon ng buwis (Form 1040), kabilang ang lahat ng mga nalalapat na iskedyul
- Mga pinakabagong Pahayag ng Sahod at Buwis (Wage and Tax Statements, Form W-2) at/o Iba Pang Kita (Miscellaneous Income, Form 1099)
- Bagong kopya ng mga pay stub sa nakaraang 2 buwan na may kita mula sa simula ng taon para sa bawat miyembro ng sambahayan o pahayag mula sa employer na nagpapatibay sa kabuuang sahod.
- Katibayan ng ibang kita (hal. ari-ariang pinapaupahan, atbp.)
- Bagong kopya ng pahayag ng bangko (bank statement) ng mga checking/savings account para sa nakaraang 2 buwan
- Kopya ng may-bisang lisensya sa pagmamaneho ng Michigan o ID card ng estado ng Michigan
- Kung naaangkop, tugon ng pagtanggap mula sa Medicaid, Healthy Michigan, o Marketplace, at/o dokumento sa COBRA
- Personal na pahayag ng pinansyal na pangangailangan mula sa pasyente

Inireserba ng HFHS ang karapatang humiling ng mga karagdagang dokumento kung kailangan nito ng higit pang pagpapatunay ng kita at/o paglilinaw batay sa anumang sumusuportang dokumentong ibinigay. Hindi maaaring itanggi ng HFHS ang pinansyal na tulong batay sa kabiguan ng aplikante na magbigay ng dokumento na hindi malinaw na hinihingi ng Patakaran o ng Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong.

**Mga Pagsingil at Pagkolekta:**

Ang mga pagkilos sa pagsingil at pagkolekta na maaaring isagawa ng HFHS para sa hindi pagbabayad ay inilalarawan sa hiwalay na patakaran sa pagsingil sa pasyente at pagkolekta na maaaring makuha nang libre sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Team ng Pinansyal na Tulong sa (313) 874-7800 o sa website ng Henry Ford Health System sa [www.henryford.com](http://www.henryford.com).

**Appendix A:****Mangyaring ipadala ang mga dokumento sa pasilidad kung saan natanggap ang pangangalaga:**

<b>Pasilidad</b>	<b>Address</b>	<b>Telepono/Fax #/E-mail</b>
<b>Henry Ford Allegiance Health Hospitals</b>	Henry Ford Allegiance Health Department 64787 Drawer 64000 Detroit, MI 48264	Telepono: <a href="tel:5172054920">(517) 205-4920</a>
<b>Henry Ford Hospital and Medical Centers</b>	Henry Ford Hospital Patient Financial Assistance Planning Office 2799 West Grand Blvd. K-1, West 107 Clinic Building Detroit, MI 48202	Telepono: <a href="tel:3139164510">(313) 916-4510</a> Fax: (313) 916-4501
<b>Henry Ford Kingswood Hospital &amp; Henry Ford Maplegrove Center</b>	Behavioral Health Services Attn: BHS Revenue Services 1 Ford Place, Room 1F111 Detroit, MI 48202	Telepono: <a href="tel:3138749501">(313) 874-9501</a> Fax: (313) 874-6895
<b>Henry Ford Macomb Hospitals</b>	Henry Ford Macomb Hospital Attn: Financial Support 15855 19 Mile Rd. Clinton Township, MI 48038	Telepono: <a href="tel:5862632696">(586) 263-2696</a> Fax: (586) 263-2697
<b>Henry Ford West Bloomfield Hospital</b>	Henry Ford West Bloomfield Hospital Attn: Revenue Services 6777 West Maple West Bloomfield, MI 48322	Telepono: <a href="tel:2483250201">(248) 325-0201</a> Fax: (248) 325-0235
<b>Henry Ford Wyandotte Hospital &amp; Henry Ford Medical Center - Brownstown</b>	Henry Ford Wyandotte Hospital Attn: Hospital Patient Financial Assistance Programs 2333 Biddle Ave. Wyandotte, MI 48192	Telepono: <a href="tel:7349164501">(734) 916-4501</a> Fax: (734) 246-7926
<b>Henry Ford Health System Corporate Business Office</b>		Telepono: <a href="tel:3138747800">(313) 874-7800</a> E-mail: financialassistanceapp@hfhs.org